Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG HULYO 25, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad – nagpaalam |

**KAPASIYAHAN BLG. 204-T2011**

**KAPASIYAHANG INILILIWAT SA KAGALANG-GALANG JEORGE "E.R." EJERCITO ESTREGAN, PUNONG LALAWIGAN NG LAGUNA ANG RESOLUSYON BLG. 1 – T.P. 2011-2012 NG PAARALANG ELEMENTARYA NG BAGUMBAYAN, SANTA CRUZ, LAGUNA LAKIP ANG PAGPAPAHAYAG NG SUPORTA SA LAYUNIN NITO .**

**SAPAGKA'T,** may iniliwat sa sangguniang ito si G. Ronaldo G. Cambel, ESPII ng Paaralang Elementarya ng Bagumbayan tungkol sa Resolusyon Blg. 1-T.P.2011-2012 na pinagtibay ng Samahan ng mga Magulang at Guro na naglalayong maisaayos ang San Luis Building at Army-Type Building ng naturang paaralan;

**SAPAGKA'T,** bunsod ng layuning ito ay makapaghanda ang paaralan sa lumalaking bilang ng mga mag-aaral kasabay ng paglaki sa bilang ng populasyon sa barangay;

**SAPAGKA'T,** kailangang maipaayos ang mga lumang gusali pangunahin ay ang San Luis Building at Army-Type Building ng naturang paaralan para sa kaligtasan at kapakanan ng mga mag-aaral.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar (Tagapamuno ng Lupon sa Pagawain), na pinangalawahan ng Kag. Laarni A. Malibiran at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG** : Iliwat sa Kagalang-galang Jeorge "E.R." Ejercito Estregan, Punong Lalawigan ng Laguna ang Resolusyon Blg. 1-T.P. 2011-2012 ng Paaralang Elementarya ng Bagumbayan, Santa Cruz, Laguna lakip ang pagpapahayag ng suporta sa layunin nito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Lalawigan Jeorge Ejercito, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Paaralang Elementarya ng Bagumbayan , lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 25, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan